7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3
Aralin
8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 8 (para sa Ikawalong Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University-Mindanao)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Konsultant:**
- Voltaire M. Villanueva , Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay sa isa sa mga tauhan ng epikong bayan sa pamamagitan ng tekstong multimodal (katulad ng *comic book brochure*).<br>• Naibabahagi ang nilikhang tekstong multimodal (*comic book brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda) sa napiling platform na isinasaalang-alang ang ang kasanayang komunikatibo (story telling), at etikal na kasanayan at pananagutan.<br>a. Nakapagsasagawa ng comic book brochure sa pamamagitan ng pagkukuwento batay sa ibinigay na rubrik. |
| **D. Nilalaman** | • Bayograpikal na Sanaysay<br>- Pagsasapinal<br>• *Comic Book Brochure*<br>- Pagsasapinal at pagbabahagi |
| **E. Integrasyon** | • Netiquette sa sosyal midya<br>• Etikal na pananagutan<br>• Responsableng pamamahayag<br>• *Gender and Development* |
| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | |
| • Bantugan Komiks. Retrieved from | |

https://www.google.com/search?sca_esv=4a15a4908bf04efe&hl=en&sxsrf=ACQVn09uyKA6abbvguNpX8oqt5c5koNPrw:1708665935623&q=Bantugan+komiks&tbm=isch&source=lnms&sa=X&ved=2ahUKEwihqofR3MCEAxVqZvUHHRVCCm8Q0pQJegQIDBAB&biw=1440&bih=752&dpr=1#imgrc=dwbyzbdMDZo-HM

- Bugan at Wigan Komiks. Retrieved from https://www.storyboardthat.com/storyboards/prinsz/komiks--nagkaroon-ng-anak-sina-wigan-at-bugan#
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- How to Make a Brochure. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ukLIYgRloWU
- How to Make a Mini-comic. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=xTas-HUf9Wk
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf
- Matatag Curriculum (2024). Phased implementation of the Matatag curriculum. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/
- Mga Epiko ng Pilipinas. Retrieved from https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-bantugan-epikong-mindanao_607.html
- Reyes, B. (2014). Bahagi ng pahayagan. Retrieved from https://www.slideshare.net/BernadethReyes/bahagi-ng-pahayagan-36855506
- Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.
- Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.
- 4-Panel Folding. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ARIhshQf8v0

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**TSEKLIST:** Lagyan ng tsek ( / ) ang angkop na kolum ayon sa iyong nagawa. | **UNANG ARAW** |

| Gawain | Nagawa Na | Gagawin Pa |
|---|---|---|
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| 1. Nakasulat ng biyograpikal na sanaysay. | | |
| 2. Naisapinal ang biyograpikal na sanaysay. | | |
| 3. Nakabuo ng unang burador ng *comic brochure.* | | |
| 3. Naipakita sa kaklase ang ginawa at nakakuha ng mga komento at suhestiyon. | | |
| 4. Nakabuo ng ikalawang burador ng *comic brochure.* | | |
| 5. Nakapili ng platform kung saan ibabahagi ang *brochure.* | | |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Panghikayat na Gawain**

**Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:**

**LINYANG HUGOT:** Sagutin ang mga tanong. May halimbawa sa unang bilang.

| LINYA | HUGOT |
|---|---|
| 1. *Facebook* ka ba? Bakit? | Kasi ikaw ang face na nagpapatibok ng puso ko. |
| 2. *Youtube* ka ba? Bakit? | |
| 3. *Twitter* ka ba? Bakit? | |
| 4. *Instagram ka* ba? Bakit? | |

Maaaring palitan o dagdagan ang mga linya.

| | |
|---|---|
| 5. *Tiktok* ka ba? Bakit? | |

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Ngayong linggo, inaasahan na maisasapinal at maibabahagi na ang proyektong *comic book brochure.* Inaasahan na makasusunod nang tama ang lahat sa *netiquettes* at makatutulong sa pagkilala at pagbibigay-halaga sa kultura at identidad ng ating bansa sa pamamagitan ng paghahabagi ng inyong nagawa.

**GABAY-TANONG:** Isaalang-alang ang mga gabay na tanong upang matamo ang mga layunin.

- Nasunod ba ang tamang hakbang sa pagbuo ng pproyekto?
- Ano ang netiquettes? Bakit kailangan itong tandaan?
- Saan ibabahagi ang nilikhang *brochure* na isinaalang-alang ang etikal na kasanayan at pananagutan?

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**PILI-SAGOT:** Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang *online platform*?
   a. Nagbibigay ito ng serbisyong dihital sa internet.
   b. Nagbibigay ng aliw sa lahat ng pagkakataon.
   c. Nagagamit kahit saan, kahit kailan.
   d. Nagagamit ng mga kabataan lamang.

2. Ano ang *logo*?
   a. Isang simbolo　　c. Isang gawain
   b. Isang pangitain　　d. Isang takdang-aralin

Sagot:

1. A
2. A

<table>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
Kaugnay na Paksa: Pagbabahagi sa naisapinal na comic book brochure sa napiling platform.
1. Pagproseso ng Pag-unawa
Marami ng online platforms sa kasalukuyan na maaaring kasangkapan sa pagbabahagi ng nabuong brochure. Magiging makabuluhan lamang ang isang gawa kung ito ay maibabahagi sa iba.
(Tingnan ang pahina 5 ng Sagutang Papel)
TUKOY-GAMIT: Ilarawan ang online platform at tukuyin paano ito magagamit sa pagbabahagi o pagkukuwento ng iyong comic brochure.
(Tingnan ang pahina 6 ng Sagutang Papel)
2. Pinatnubayang Pagsasanay
May mga dapat isaalang-alang sa pagbabahagi o pagkukuwento ng nabuong brochure sa napiling platform. Netiquette ang tawag sa tama at wastong pag-uugali at pakikisama sa birtuwal na mundo. Narito ang mahahalagang netiquette na dapat tandaan ng lahat.
Ano ang kahihinatnan kung malalabag ang netiquettes?
a. Makipag-ugnayan sa target na awdiyens. Kailangang tiyakin na ang iyong mensahe ay angkop sa interes ng nakikinig o nanonood.
b. Maging konsistent sa branding. Ang disenyo at tono ng brochure ay akma at tugma sa iyang layunin sa pagkukuwento.
c. Maingat sa paggamit ng mga larawan o imahe. Humingi ng pahintulot sa mga imahe na may lisensiya at iwasan ang paglabag sa karapatan sa pag-aari ng mga imahe at iba pang impormasyon.
d. Maingat sa paggamit ng wika. Gumamit ng wastong balarila at iwasan ang mga mapanirang impormasyon o hindi naaangkop sa nilalaman.
</td>
<td>
Sagot:
1. twitter<br>2. facebook<br>3. tiktok<br>4. Instagram<br>5. youtube
</td>
</tr>
</table>

e. **Magbigay ng tamang *credit*.** Ibigay ang tamang pagkilala o *credit* sa sanggunian o nilalaman na hindi sa iyo.

f. **Gumamit ng *hashtag*.** Gumamit ng *hashtag* na nauugnay sa iyong tema o kategorya upang lalawak ang bilang ng manonood.

g. **Makipag-ugnayan sa awdiyens.** Magbigay ng komento, mensahe, tugon sa iyong mga *followers.*

h. **Maging *transparent* at mapanagot.** Maging handa sa pagsagot kung may tanong ang iyong awdiyens. Panatilihing bukas ang komunikasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga puna at tanong.

i. **Maging magalang.** Huwag maging agresibo at igalang ang opinyon ng iba.

**Ang Responsableng Pamamahayag (*Responsible Journalism*)**

Ang sistematiko at mahusay na pagkuha ng impormasyon ay katangian ng responsableng pamamahayag. Ang pagtiyak na totoo at lehitimo ang pinagkunan ng mga datos ay bahagi ng matapat na paglalahad ng katotohahan. Sa paglikha ng balita at iba pang sulating pampahayagan, palaging dapat manaig ay ang katotohanan. Ang editoyial sa bawat pahayagan ay dapat maglahad ng pananaw at panininidigan na nakasalig sa katarungan, kaunlaran at pambansang kapayapaan.

Ayon kay Chel Diokno (2022) Mahalaga ang malaya at responsableng pamamahayag sa lalo pang pagpapayabong ng demokrasya. Kaya mahalagang alagaan natin ito upang matiyak na mayroong magbabantay sa ating mga karapatan at kalayaan.

**Pagtataguyod ng Gender and Development**

Kasabay ng pag-unlad ng ating lipunan ay ang pagkilala sa karapatan ng bawat tao, anuman ang edad at kasarian. Ang pagtatamasa ng edukasyon ay nagkakaroon lamang ng lubusang kabuluhan kung ang bawat isa ay may kakayahang igalang ang kapwa lalo pa ang mga nasa laylayan ng lipunan. Ang mga indigenous people, ang mga hindi nakapag-aral, mahihirap at ang sinumang nilalang ay nararapat lamang igalang.

| | | |
|---|---|---|
| | Pakinggan ang Awit sa Kababaihan sa https://soundcloud.com/wikang-sarili/awit-sa-kababaihan-musika-at-teksto-ni-joel-costa-malabanan at suriin ang lyrics:<br><br>**AWIT SA KABABAIHAN**<br>Musika at Teksto ni Joel Costa Malabanan<br><br>Ang sabi ng Aral ng Katipunan<br>Ang babae ay hindi dapat ituring na libangan<br>Bagkos ay katuwang sa hirap ng buhay<br>Alalahanin ang ina nagpakahirap<br>Alagaan ka sa iyong kasanggulan.<br><br>Pinatunayan maging ng kasaysayan<br>Ang papel ng mga Babaylan sa ating lipunan<br>Manggagamot, tagapayo at gabay<br>Hindi lang ina ang tungkulin ng kababaihan<br>Mandirigma sa apoy man ng digmaan<br><br>Kaya hindi lang ideya ng Kanluran<br>Na kilalanin ang aming karapatan<br>Bagkos ito'y supling ng katuwiran<br>Mahalin at palayain ang kababaihan<br><br>Mula sa pang-aalipin ng kapital<br>Mula sa pang-aabusong sekswal<br>Mula sa idelohiyang patriyarkal<br>Atrasadong pananaw na sumasakal<br><br>Sa panahong itong laganap ang karahasan<br>Panggagahasa at mga pagpaslang<br>Buksan natin palagi ang isipan<br>Irespeto ang alinmang kasarian<br>Karapatan ng bawat tao'y igalang!<br><br>**SULAT-REPLEKSIYON:** Isulat ang repleksiyon batay sa nabasang *netiquette* at napakinggang awit.<br><br>***(Tingnan ang pahina 7 ng Sagutang Papel)***<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**PARES-PARES:** Gawing pares ang iyong katabi sa pagsasanay sa pagbabahagi o pagkukuwento ng nabuong *comic brochure*. Magsanay bago pa ito ibahagi sa *online platform* at isaalang-alang ang pamantayan sa wastong pagkukuwento.<br><br>**LISTA-PUNA:** Sa parehong pares, salitan kayo sa paglista ng mga puna upang mapabuti pa ang kasanayang komunikatibo ng kaklase. | **IKALAWANG ARAW**<br><br>Kung may angkop na gadyet ang mga bata ay maaaring sa kompyuter gawin ang *comic book brochure.* |

| | | |
|---|---|---|
| | ***(Tingnan ang pahina 8 ng Sagutang Papel)*** | **IKATLONG ARAW** |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.**<br><br>**BINTANA ng PAG-UNAWA:** Balikang muli ang napag-aralan upang iugnay ang iba pang konsepto at kaisipan.<br><br>**Online Platform** \| **Etikal na Pananagutan**<br>***Pagbabahagi ng Comic Book Brochure***<br>**Kasanayang Pangkomunikasyon** \| ***Netiquette***<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br><br>Sa pagtatapos ng kuwarter 3:<br>• Nalaman kong ________________________________________.<br>• Naranasan kong ______________________________________.<br>• Naramdaman kong _____________________________________.<br>• Para sa akin, masusunod ko ang *netiquette* sa pamamagitan ng __.<br><br>**1. Performans *Task***<br><br>**KUWENTO-KOMIKS:** Ibahagi ang nagawang *brochure* sa pamamagitan ng pagkukuwento sa napiling *online platform.* Gawing batayan ang rubriks. | **IKAAPAT NA ARAW** |

| E. Pagtataya | | |
|---|---|---|
| | (tables below) | |

| Krayterya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Papaunlad (2) | Nangangailangan ng Gabay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Wika at Estilo** | Lubos na angkop at tumpak | Angkop at tumpak | Halos hindi angkop at tumpak | Hindi maintindihan ang sinasabi |
| **Pamaraan ng pagsasalaysay** | Lubusang kapani-paniwala ang pagsasalaysay | Kapani-paniwala ang pagsasalaysay | May kilos na nakasasagabal sa pagbabalita | Maraming kilos na nakasasagabal sa pagsasalaysay |
| **Kahandaan** | Lubos na maayos ang daloy ng kuwento | Maayos ang daloy ng kuwento | Binabasa ang kuwento | Binabasa ang kuwento at hindi na tumitingin sa awdiyens |
| **Boses** | Lubos na nakapanghihikayat | Nakakapang hihikayat | Di masyadong nakapanghihikayat | Malabo ang boses |

**KALIDAD-*BROCHURE*:** Gamit ang rubriks, tayahin ang sariling *brochure* ayon sa mga pamantayang mababasa.

| Krayterya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Papaunlad (2) | Nangangailangan ng Gabay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Tekstong biswal at multimodal** | Lubos na kumpleto at angkop ang mga elemento | Angkop at kumpleto ang mga elemento | Halos hindi angkop at kumpleto ang mga elemento | Hindi angkop at kumpleto |
| **Katumpakan ng nilalaman** | Lubusang tama ayon sa kasaysayan ng nilalaman | 88-90% ng nilalaman ay tama ayon sa kasaysayan | 83-87% ng nilalaman ay tama ayon sa kasaysayan | Masyadong maraming mali na impormasyon |
| **Organisasyon** | Lubos na orihinal, kawili-wili, at angkop ang mga imahe | Kawili-wili, at angkop ang mga imahe | Di lubos na kawili-wili at angkop ang mga imahe | Di kawili-wili at angkop ang mga imahe |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Baybay, Balarila, Pagwawasto** | Walang maling baybay at gramatika | May isa o dalawang maling baybay at gramatika | May tatlong maling baybay at gramatika | Higit tatlo ang maling baybay at balarila. | |
| | | | | | | |

| **A. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | |
| | ***Kagamitan*** | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| | ***At iba pa*** | | |
| **B. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan*** | | |

| | |
|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* |


| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** RACHEL C. PAYAPAYA | ***Sinuri ni:*** JOEL C. MALABANAN, PhD |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Mindanao | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |